REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-249

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGDADAGDAG NG HALAGANG DALAWANG LIBONG PISO (P2,000.00) MULA SA DATING TATLONG LIBONG PISO (P3,000.00) NA IPAGKAKALOOB SA BAWAT ISANG BETERANONG TAGA-MUNTINLUPA NA SASAKABILANG BUHAY AYON SA PINAGTIBAY NA KAPASIYAHAN BILANG 89-77-A.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang mga beteranong nakipaglaban noong nakaraang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay dapat bigyan ng pagdakila at pagbubunyi ng bawat mamamayan ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang pagdakila at pagpapahalaga sa mga beterano ng nakaraang Digmaang Pandaigdig ay nararapat lamang upang kilalanin ang kanilang ginawang paghahandog ng dugo't buhay para sa kalayaan ng bayan;

SAPAGKAT, ang pagtataguyod ng ating kalayaan ay nagbunga ng pagkakabuklod at pagtutulungan ng mga mamamayan ng Muntinlupa at sa harap ng katugong pagmamalasakit na ito ay katahimikan, kaayusan at kaunlaran ng ating pamayanan;

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng tulong na pananalapi sa pamilya ng beteranong babawian ng buhay ay upang ipadama ang pagmamalasakit at pagmamahal ng pamahalaang bayan sa mga taong buong dalisay at kagitingang ipinaglaban ang bayan at nahahandang magbuwis ng buhay kung kinakailangan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng pagdadagdag ng halagang dalawang libong piso (P2,000.00) mula sa dating tatlong libong piso (P3,000.00) na ipagkakaloob sa bawat isang beteranong taga-Muntinlupa na sasakabilang buhay ayon sa pinagtibay na Kapasiyahan bilang 89-77-A at ito ay manggagaling sa pamahalaang bayan bilang tulong sa pagpapalibing.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 186th regular ng pulong na ginanap ngayong ika-13 ng Enero,1992 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts